# Dulang May Isang Yugto

## Filipino Division

# Igba

**Buod:**

Ang mga Kastila, mga Hapones—mga mananakop ng Pilipinas. Mapanikil. Malupit. Mapang-api, ayon sa popular na kasaysayan. Samantala, iba ang kabatirang nakatanim sa mga isipan ng mga nakararaming Pilipino tungkol sa mga mananakop na Amerikano—kaibigan ang Amerika; mabuti sa atin ang bansang Amerika.

Kabatiran din ito ni Pepe na namumuhay noon sa Dupay, Tayabas. Ngunit iba ang paniniwala ng kanyang asawang katuwang niya sa igba—si Monang:

*Nalalaman kong marami na ang yumuko nating mga kababayan sa mga Amerikano. Maaaring dahil nasanay na sila pagkaalipin, o napagod na sa pakikibaka. Ngunit ang hinahanap mong paliwanag ay nananalaytay sa 'yong dugo. Ang hinahanap mong katotohanan ay nasa kulay ng 'yong balat at nasa timyas ng mga katagang iyong sinasalita. Iyan ang tunay na hangganan ng ating katotohanan.*, ang sabi ni Monang kay Pepe, bago tuluyang umanib sa Katipunan na pinamumunuan ni Heneral Malvar.

Hanggang kailan paghihiwalayin ng kabatiran at paniniwala sina Pepe at Monang?

Hindi maaaring walang katuwang ang igba—ang katutubong ritwal sa pagpupunlay ng lupa para sa kasaganaan. Hindi maaaring walang katuwang si Pepe sa pag-iigba ng kanilang maisan. Alam ni Pepe, kung wala si Monang na kanyang katuwang, walang tunay na kasaganaang matatawag.

Hinanap ni Pepe ang asawa. Ipinagtanong. Sa isang balita'y tumulak s'ya patungong Sampaloc, Tayabas.

Sa may patio ng bayan ng Sampaloc, natagpuan ni Pepe ang puso ni Monang.

**Mga Tauhan:**

| | |
|---|---|
| PEPE | 28 anyos; may-ari ng isang sakahan sa nayon ng Dupay sa bayan ng Lucena. Kampante sa kariwasaang nararanasan. May trabaho sa Kapitolyo ng Tayabas. |
| MONANG | 28 anyos; kababata ni Pepe na kanyang napangasawa; mulat sa mga nangyayaring kaapihang nararanasan ng mga kababayan dulot ng mga Amerikano. |

Iba pang tauhan:

| | |
|---|---|
| BINATILYO AT BATA: | Mga nagsasaranggola sa taniman ng mais. Mananalok ng tubig sa ilog. |
| KANO: | Maskaradong karakter na sisimbolo sa bansang Amerika. |

**Ang Tanghalan:**

Mainam na itanghal ang dulang ito sa isang *intimate theater* para mapaigting ang nais maiparating ng dula. Ang entablado ay representasyon ng isang lupang taniman ng mais na napabayaan na ng may-ari —tuyong putik na may nakatulos pa rin na mangilan-ngilang 'di na mawari kung puno ng mais o kugon. May ilang matataas na kugon na tumutubo sa paligid, ngunit hawan ang gitna nito dulot ng palagiang paglalaro ng mga bata sa lugar. Sa dakong hulihang gitna ng entablado ay makikita ang isang putol na tuod na katawan ng puno.Ang kaliwang bahagi ng entablado ay daanan patungong ilog, at ang kanang bahagi ng entablado ang daanan patungo sa mga kabahayan ng Brgy.Dupay. Magkakaroon ng transisyon ng panahon mula sa kasalukuyang itinakda ng dula, patungo sa hindi pa natatagalang nakaraan sa pamamagitan ng pagbabago ng kulay ng ilaw. Sa pagsasabay ng kasalukuyan at nakaraan, magkakaroon ng dalawang lokalisasyon ang ilaw sa entablado. Ang isolation ng ilaw sa kanang bahaging kanan ng entablado ay magsisilbing tanglaw ng buwan sa pagsapit ng gabi,habang ang isolation ng ilaw sa gitnang entablado ay magsisilbing umiiral na reyalidad ng nagdaang panahon. Ang entablado ay larawan ng isang pinagdaanan na tila naghihintay ng panibagong simula.

**Kapanahunan:**

1902, panahon ng pakikidigma ng mga Pilipino sa Amerika; buwan ng Hunyo—panahon ng muling pagtatanim ng mais sa nayon ng Dupay, Lucena,Tayabas.

*Mula sa karimlan ay maririnig ang kundiman. Dahan-dahang liliwanag ang entablado para kay Monang. Gabi. Nakagayak-pag-iigba si Monang—nakasuot ng puting camisong gawa sa manipis na telang seda. Hawak ng kanyang kanang kamay ang isang punyal. May taling buli ang dala niyang bunot at kayakas sa kanyang kaliwang kamay. Naroroon din si Pepe, ang kanyang asawa. Nakapantalong kulay lupa at puting camisa de tsino. Nakasinturon ang kanyang itak sa bewang. May hawak na sulo. Lilingon-lingon sa paligid. Tinitiyak kung may iba pang taong naroroon maliban sa kanilang mag-asawa. Luluhod sa lupa si Monang. Maghuhubad ng kanyang camison. Tatambad ang hubad niyang katawan. Mapapalingon si Pepe sa kanyang asawa. Tanglaw na lalapit si Pepe sa kanyang asawa. Ididipa ni Monang ang kanyang mga braso. Titingala sa langit, 'pagkuwa'y kakalinga sa lupa.*

MONANG: Lupa naming tinubuan, naririto ako na iyong taga-igba. Bantay natin ang aking asawa…ang ating katuwang sa pagtupad ng dakilang kaisahan ng tao at ng kanyang lupang tinubuan.

*Ilalapag ni Monang sa lupa ang dala niyang punyal, bunot at kayakas. Sisindihan ni Monang ang mga bunot at kayakas sa kanyang kaliwang tabi habang—*

MONANG: Alay namin ang mapayapang gabi upang sumibol ang mga binhing sa amin ay bubuhay.

*Kukunin ni Monang ang punyal, at ibabaon ang kalahating talim nito sa lupa upang makahukay ng bahagya. Uulitin n'ya ang paghukay nang dalawa pang beses, labindalawang pulgada ang layo sa unang hukay.*

MONANG: Alay namin ang kalayaan upang ang pagsibol ng mga binhi ay patuloy na maganap. Ikamamatay namin itong pagkaluoy.

*Ilalabas ni Monang ang isang supot na may lamang binhi ng mais. Itatanghal ni Monang ang mga binhing nasa supot sa buwan. Maingat n'ya itong ilalapag. Dadakot ng kimpal ng lupa si Monang. Dalawang kamay at may pagmamahal niya itong idadampi sa kanyang noo…*

MONANG: Palagi naming isasaisip: Mahal ng lupa ang mga sumusuhay sa kanya.

*At muling dadakot ng lupa upang may pagmamahal na idampi sa dibdib.*

MONANG: Palagi naming isasapuso: Bumubunga ng pagmamahal ang mga binhing sumusuhay sa kanya.

*At muling dadakot ng lupa upang may pagmamahal na idampi sa puson.*

MONANG: Paulit-ulit na isisilang ang 'yong mga anak na bubuhayin ng iyong biyaya.

*Kukunin n'ya ang supot ng mais, kukuha doon ng ilang butil, at tigtatatlong itatanim sa hukay na likha ng punyal. Maingat n'yang tatabunan ang mga binhi sa hukay.*

MONANG: Lupa naming minamahal, sa simula't dulo ng aming buhay, tanglaw kaming patuloy na iiral.

*Sa 'di kalayua'y maririnig ang tatlong pagputok ng baril. Maalarma si Pepe. Nag-aalalang magpapatingin-tingin sa paligid.*

PEPE: Halika na, Monang. Umalis na tayo.

*Hindi alintana ni Monang ang tinuran ni Pepe.*

MONANG: Nawa, sa habang panahon; walang humpay na magpaulit-ulit ang liwanag sa bawat dulo ng mga pagsuhay.

*Ang kaninang tatlong pagputok ng baril ay naging palitan ng putok. Bahagyang lalakas ang papalapit na tunog. Mapapatunghay si Monang sa mga manonood. Isusuot ni Monang ang camison habang inuusisa sa 'di kalayuan ang paparating. Ipupukol ng isang projector ang imahen ng bandila ng Amerika. Ituturo ni Pepe ang paparating, at lilingon sa kanyang asawa. Muling lilingon sa paparating si Pepe . Maglalaho ang musika ng kundiman. Nakatunghay na dadamputin ni Monang ang kanyang mga kagamitan, 'pagkuwa'y tatabunan ng lupa ang umaapoy na bunot at kayakas. Tatalima si Monang palapit kay Pepe na nakaturo pa rin sa paparating.*

MONANG: Pepe?

*Maghihintay ng sagot si Monang, subalit ang pagbaba lamang ng nakaturong kamay ang magiging tugon ni Pepe. Bahagyang mapapaurong si Monang sa naging kilos ng asawa. Dahan-dahang mawawala ang ilaw sa entablado. Tanging ilaw ng imahen ng bandila ng Amerika at ang ilaw-sulo ni Pepe na lamang ang matitira. Lalakas pa ang papalapit na putukan ng mga baril. Bibitawan ni Pepe ang sulo at agad na yayapakan ang sindi. Pagmamasdan ni Monang ang pagpatay ng asawa sa liwanag. Lalo pang lalakas ang putukan ng mga baril—maririnig na rin ang pagsigaw ng mga Katipunerong nakikipagpalitan ng putok sa mga sundalong Amerikano. Iiwan ni Monang ang natulalang si Pepe habang nagdidilim ang entablado. Maririnig ang isang malakas na pagsabog. Ilang sandaling katahimikan. At, sa karimlan—*

VOICE OVER: With the signature of the treaty of peace between the United States and Spain at Paris on the 10th instant, and as a result of the victories of American arms, the future control, disposition, and government of the Philippine Islands are ceded to the United States. (Bahagi ng actual text ng proklamasyon ni Mckinley)

--------

*Maririnig ang isang balitaw sa tugtog ng gitara. Dahan-dahang maiilawan ang entablado. Hapon, alas singko. Tatambad ang bata at binatilyong naglalaro ng saranggola sa kaparangan ng taniman ng mais. Kasuotang yari sa katsa ang suot ng binatilyo at bata—kapuwa sila nakaputing pang-itaas; kulay pulang pang-ibaba sa binatilyo at asul naman sa bata. Nakalapag sa lupa ang kanilang balagwit na may lalagyan ng tubig sa tigkabila nitong dulo. Nakatingalang minamaniobra ng binatilyo na nasa gitna ng entablado ang tamsi/tali ng saranggola, habang nakatingin sa langit, tuwang-tuwa na pumapalakpak ang bata na nasa dakong Ilaya. Sa may tuod na kahoy, sa hulihang gitna ng entablado, nakaupo doon si Pepe—nakatungo ito sa lupang tila may malalim na iniisip. Sa kanyang tabi ay may bayong. Mga ilang sandali pa, mula sa pagkakatingala sa saranggola, mapapansin ng bata si Pepe. Maglalaho ang musika ng balitaw.*

BATA: Mamang Pepe?

*Tutunghay ang lalake—si Pepe.*

BATA : Mag-iigba na po ba kayo ngayon? Mamaya lang ay kabilugan na po ng buwan. Sana, umuwi na si Tatang para makapag-igba na rin si Nanang.

*Nakatingin lang si Pepe sa malayo— wala itong reaksyon. Kagyat na mapapalingon ang binatilyo kay Pepe na may hawak ng tamsi ng saranggola, pagkuwa'y lilingon ito sa kapatid.*

BINATILYO: Kaya nga tatagpuin ni Nanang si Tatang sa Sampaloc, tapos, daraan na rin sila sa Lucban para mamalengke.

*Nakatingin pa rin si Pepe sa malayo. Muling titingala ang binatilyo sa kanyang saranggola.*

BATA: (*Kay Pepe)* Babantayan din po ninyo ang pag-iigba ng iyong asawa?

*Biglang mapapalingon si Pepe sa bata. Mapapalingon din ang binatilyo sa narinig. Tila mapapahiya ang binatilyo sa sinabi ng kapatid.*

BINATILYO: (*Kay Pepe.)* Naku, pasensya na po kayo...

*Mapapatayo sa kinauupuan si Pepe. Tila maiilang ang bata—mapapaurong sa pagkakatayo.*

BINATILYO: Hindi po sinasadya ng kapatid ko ang kanyang kadaldalan.

*'Pagkuwa'y titingala sa kalangitan si Pepe—may tatanawin.*

PEPE: (*Tuturo sa langit.*) May malaking saranggola, papalapit sa saranggola ninyo.

*Sabay na mapapatingala sa kalangitan ang magkapatid. Ikakagulat ang makikita.*

BINATILYO: Saranggolang mabituin na may guhit-guhit na pula at puti, saan nanggaling ang lekat na 'yan?!

B ATA : (*Mumulagat sa nakikita.)* May nakita akong ganyan sa kapitolyo sa bayan. Sabi ni Tatang, 'yan daw ang watawat ng Amerika. Naku, iwasan mo, papatirin n'yan ang ating tamsi!

*May pag-aalalang imamaniobra ng binatilyo ang tamsi ng saranggola—pakanan, pakaliwa, biglang higit at lulos, 'pagkuwa'y mapapaurong.*

BATA : (*Labis ang pag-aalala.*) Iwasan mo,Kuya, iwasan mo!

BINATILYO: Heto na nga! (*Patlang.)* Aba't talagang nananadya!

*Muling mapapaurong ang binatilyo.*

BATA : Ayan na, Kuya, ayan na, ay, ay!

*Sa isa pang paghakbang paurong ng binatilyo ay mapapatid ang tamsi ng minamaniobra n'yang saranggola. Mapapadukmo sa labis na panghihinayang ang dalawang bata. Pagmamasdan ni Pepe ang magkapatid habang nagdidiskurso.*

BINATILYO: (*Duduro sa itaas—galit na galit.*) Hindi ka naman inaano d'yan ah?!

BATA : (*Tinatanaw kung saan umalagwa ang saranggola.)* Nasaan na?

BINATILYO: (*Habang ipinupulon ang tamsi.*) Tiyak kong nasa kabilang ibayo na 'yon.

BATA : Parang malapit lang sa may ilog. Ano, Kuya, hanapin natin?

BINATILYO: (*May pagsuko.*) Huwag na, maya-maya lang ay lulubog na ang araw, baka abutin na tayo ng pagdilim sa paghahanap.

BATA : Bilog ang buwan, Kuya, at saka, marami namang tatanglaw na kayakas mamaya dahil sa igba.

*Lulugo-lugong kukunin at papasanin ng binatilyo ang balagwit na may sisidlan ng tubig sa tigkabilang dulo nito.*

BINATILYO: Halika na, kelangan na nating sumalok ng tubig sa ilog. Ibinilin ni Nanang na kailangang puno ang mga tapayan sa kanyang pagbabalik.

*Mauuna ang binatilyo papuntang ilog. Maiiwan ang bata sa entablado—kitang-kita sa kanyang mukha ang labis na kalungkutan. Muling lilingunin ng tanaw ang kabilang ibayong sinirukan ng kanilang saranggola, 'pagkuwa'y muli itong titingin sa itaas. Mapapailing.*

BINATILYO: (*Tinig mula sa Ilaya.)* Ano pang ginagawa mo riyan? Halika na!

*Galit na galit na duduruin ng bata ang saranggolang pumatid ng saranggola nila. Tatalima ang bata sa tawag ng kanyang kuya. Susundan ni Pepe ng tingin ang batang umalis, at maya-maya pa'y maaalimpungatan na tila may biglang nahagip na nais sabihin sa papalayo nang bata at binatilyo.*

PEPE: Teka, sandali…sandali…

*Ngunit kagyat n'yang pipigilan ang sarili, may pag-aalinlangan, dahilan upang hindi na n'ya lalaksan pa ang kanyang pagtawag sa dalawa. Katahimikan. Mapapabuntong-hininga si Pepe.*

PEPE: *(Sa mga manonood.)* Kilala ko ang kanilang ama. Magkakahabi ang buhay ng mga tao dito sa Dupay, sapagkat, iisa naman ang inuulit na kumpas-tugon sa igba ng buong taon. Lahat ng aming

biyayang pambuhay, lahat ng pinagsasaluhan sa dulugan, ay dulot ng igba—ang dunong na aming minana pa sa mga ninunong katutubo upang kalingain ang lupa.

*Patlang. Iuuli ni Pepe ang tingin sa kapaligiran. Mapapabuntong-hininga si Pepe.*

PEPE Ngunit, dalawang taon nang walang kasaganaan sa lupaing ito.Ngayon ay buwan ng Hunyo, panahon ng pag-iigba ng mais. Ganitong panahon din nang lisanin ako ng aking si Monang.

*Mapapatungo si Pepe, 'pagkuwa'y tatalima patungo sa may tuod na kahoy, subalit kagyat s'yang muling tatalima sa mga manonood—*

PEPE (*Mapaglimi.)* Hindi natanggap ni Monang na nakipagmabutihan ako sa gobyerno ng Amerika. Ay anong magagawa ko, kung tumugon lamang ako sa atas ng tungkulin ko bilang empleyado sa kapitolyo?

*Magbabago ang ilaw sa entablado, tanda ng pagbabalik ng nakaraan. Maririnig ang humahangos na tinig mula sa labas ng entablado.*

MONANG: Pepe, Pepe!

*Humahangos na papasok si Monang mula sa kanang bahagi ng entablado. Nakabandanang nakasuot ng ternong kulay pastel na kayumanggi at kulay langit-asul na baro't saya. Mapapalingon si Pepe.*

PEPE: Monang?

*Kagya't na titigil sa harapan ni Pepe si Monang. Lilingon-lingon sa paligid habang pinipispis ang sariling dibdib.*

MONANG: Isang napakasamang balita, Pepe. Nakumpirma na ang usap-usapan. Totoo ang garison na itinayo ng isang Heneral Franklin Bell sa Batangas. Walang maaaring lumabas sa garison na iyon. Mga bilanggo ang mga kababayan nating Batangueño. Ang sinumang lumabas sa bakod ng garison ay binabaril!

PEPE: (*Nakangiti.*) Teka, sandali, heto kang hangos na hangos at lagim pa ang dalang balita. Nakalimutan mo yata na ang kaharap mo ngayon ay ang iyong asawa?

*Kagyat na matitigilan si Monang sa tinuran ng asawa, 'pagkuwa'y—*

MONANG: Hindi ka ba nababagabag, Pepe?

*Yayakapin ni Pepe si Monang at hahagkan sa noo.*

PEPE: Walang ganyang balita sa kapitolyo. Monang, ikakabahala ko ang ikaw ay mapahamak dahil sa dala mong balita.

*Dahan-dahang kakalasin ni Monang ang pagkakayakap sa kanya ni Pepe, 'pagkuwa'y pagmamasdan nito ang mukha ng asawa. Tangkang hahagkan ni Pepe si Monang sa labi, subalit iiwas si Monang.*

MONANG: (*At tila may pagtatampong—)* Hindi ka nga nababagabag.

*Bahagyang lalayo si Monang kay Pepe.*

PEPE: (*Pilit na iibahin ang usapan.)* Dapat bang nababagabag? Bukas ng gabi ang kasagsagan ng pagbilog ng buwan. Bukas ay iigbahan mo na ang ating maisan. Aba'y baka magtampo ang ating lupa. Ayon sa kaugalian, ang butil ng mais na inigba ng babaeng nababagabag ay tiyak na maluluoy.

MONANG: (*May pagkadismaya.)* Hindi ba dapat mabagabag, Pepe?

PEPE: Monang naman, ano ba ang gusto mong marinig mula sa akin?

*Bubuntonghininga, 'pagkuwa'y may kahinahunang magpapaliwanag si Monang.*

MONANG: Kasapi ang Lalawigan ng Tayabas sa pakikibaka ni Heneral Malvar,Pepe.

PEPE: Apat na taon na ang nakakalipas mula nang iwagayway ang ating bandila sa balkon ni Heneral Aguinaldo. Umalis na ang mga mananakop na Kastila dito sa ating bayan. Wala na ang mga mambubusabos.

MONANG: Ngunit kaninong bandila ang nakatanghal ngayon sa Kapitolyo? (*Sa mga manonood.)* Dati'y Espanya, ngayon nama'y Amerika. Ano bang pananakop ang hindi gumagamit ng paninikil at dahas?

PEPE (*Kakamot-kamot sa ulo.)* Hindi naman ganyan ang mga Amerikano; mababait sila. Sa akin ka maniwala, dahil nakakasalamuha ko sila sa kapitolyo.

MONANG: (*May pag-uusisa.)* Isa ka na ba sa kanila ?

PEPE: *(Mapapabuntong-hininga.)* Ay, Monang, alam mong hindi ganyan ang nais kong tukuyin.

MONANG: Nais kong maunawaan ang tinutukoy mo, Pepe.

*Pupunta si Pepe sa may likuran ni Monang. Hahawakan ni Pepe ng may pagsuyo ang balikat ng asawa.*

PEPE: Kaya naman mahal na mahal kita. Iba ka sa karamihang kababaihan dito sa nayon ng Dupay. Hindi ka nga mestisa, ngunit

tumatagos sa aking kaibuturan ang iyong likas na halina. Kahit tuwing ako'y nasa bayan, sa Lucena, wala akong makitang katulad mo— matapang, may paninindigan at sinasabi kung ano ang nasa isip.

MONANG: (*Tila may hinanakit.)* Tayo ang taumbayan, Pepe, ang katuwang sa pagpapalaya ng ating bayan.

*Haharapin ni Pepe si Monang.*

PEPE: Monang, may problema ba tayo? May malawak tayong taniman ng mais na s'ya nating pinag-iigbahan. May maganda akong trabaho sa kapitolyo. Wala tayong banta ng pagmamalupit ng mga Amerikano.

MONANG: *(Dumudulog.)* Nag-alala ako sa pagkahirati mo sa iyong katatayuan, at mawalan ka na ng kakayahang isipin ang kapakanan ng iba.

PEPE: (*Nagpapaunawa.)* Pinili 'yon ng mga gerilya at ng taumbayan na sumusuporta sa kanila. Tayo, pinili natin na magkaroon ng maginhawa at malayo sa panganib na pamumuhay.

MONANG: (*May katiyakan.*) Hindi natin pinili na pumarito at sakupin ang ating bansa ng mga Amerikano. Pinili ng nakararami sa atin ang manahimik at magsawalang-kibo, kabilang na tayo, at hindi ito nararapat. Ngunit marami pa rin ang nakibaka at patuloy na nakibaka para sa ating kasarinlan, at 'yon ang nararapat.

PEPE: (*Bahagyang mapipikon.)* Hindi nga ba't si Heneral Malvar ang s'yang pasimuno ng patuloy na pakikidigmang ito sa Timog Katagalugan? Kung gano'y s'ya ang dahilan kung bakit itinayo ang mga garisong ito.

MONANG: Isinusuhay mo pa ba na tanging ang pagsuko lamang ni Heneral Malvar ang magiging dahilan upang matigil ang mga kalupitang ito?

PEPE: (*May tila pagsuko.*) Alam kong lumaki ka sa angkan ng mga Katipunerong nakipaglaban sa mga Kastila, kaya't bihasa sa usapin ng pakikibaka. Ngayo'y sasabihin ko na sa 'yo, hindi ko lang sa 'yo nababanggit, pero napapansin na ng Tatay na tila lalong sumidhi sa mga nagdaraang araw ang likaw ng iyong mga sinasabi—kaytatalim, akala mo'y palaging makikidigma.

MONANG: Bakit kailangan mo pang gamitin ang iyong ama para lamang s isihin ang aking pinagmulan?

PEPE: Wala akong sinisisi, nabanggit ko lang. Teka, Monang, sandali, ano ba ito? Wala akong ibang ibig sabihin. Hinahangad ko lang naman na maging masagana at mapayapa ang ating buhay.

MONANG: (*Mapang-uyam*.) Isang masaganang buhay na nakikisuyo lang sa iba? Isang mapayapang buhay na nakamit sa pananahimik na walang maipagmalaking kasarinlan at kasaysayan? Isang masagana at mapayapang buhay na ang tanging kakayahang

maipagmamalaki ay ang sumunod? (*Patlang.)* Kaya siguro wala pa tayong supling, ayaw n'yang maisilang sa busabos na bayang ito.

*Haharapin ni Pepe ang asawa.*

PEPE: (*May katimpian.)* Monang, hindi mo ba nakikita? Nagsisimula na ang mga Amerikano sa pagsasapubliko ng edukasyon. Makakapag-aral na ang lahat.

MONANG: (*May pagdulog.)* Anong klaseng edukasyon, Pepe? Kanino magsisilbi? Sino ang magtuturo? At sa kaninong panukat nila tayo uuriin sa mga tama at mali nating gagawin?

*Tuluyan nang mapipikon si Pepe.*

PEPE: (*Bahagyang tataas ang boses.)* Pero hindi sila mga Kastila. Wala na ang mga Kastila. Mga Amerikano sila! Hindi sila ang prayleng gumahasa sa iyong ate na hindi na nabigyan ng katarungan. Hindi rin sila ang mga sundalong bumaril sa 'yong kuya nang sugurin niya ang prayleng gumahasa sa iyong kapatid!

*Matitigilan si Monang. Mapapaupo sa lupa. Mabibigla si Pepe sa kanyang nasabi. Katahimikan.*

PEPE: Patawarin mo ako, Monang, hindi ko sinasadya...

*Katahimikan. Mauupo si Pepe sa tuod na kahoy. Mapapayukong mapapahawak sa ulo. Muling tutunghay si Pepe kay Monang.*

MONANG: (*Habang nakatingin sa malayo.*) Naiintindihan kita. Kaydaling sabihin ng pagdurusa ng iba, lalo't hindi mo pa ito nararanasan.

PEPE: *(Magsusumamo.)* 'Yan ang kanina ko pa sa 'yo ipinapaliwanag. Maaari naman itong maiwasan ah?

MONANG: Hindi ko yata kaya ang sinasabi mo, Pepe.

PEPE: Para sa ating bubuohing pamilya, pakiusap…

MONANG: (*May hinagpis.)* Pamilyang walang sariling bayan; kalunos-lunos…

*Katahimikan. Muling tatayo si Pepe. Bubuntong-hininga. Lalapit si Pepe kay Monang. Luluhod si Pepe sa tabi ni Monang.*

PEPE: (*Magsusumamo.)* Bakit ba tayo nagkakaganito? Ayaw ko nang nag-aaway tayo.

*Lilingunin ni Monang ang asawa. Hahawakan ni Monang ang kamay ni Pepe, 'pagkuwa'y hahagkan n'ya ito.*

MONANG: Mahal kita, Pepe, at alam kong mahal mo rin ako. 'Yan ang katotohanang nagdurugtong sa ating dalawa.

*Mapapayuko si Pepe—tila pasasalamat sa tinuran ng asawa. Tatayo si Monang mula sa pagkakalupagi.Tatanawin ni Monang ang malawak na kaparangan.*

MONANG: (*Mapaglimi.)* Mga musmos pa tayo noon, pero lantad na lantad na sa atin ang ating kaibahan. Samantalang mayroon kang malawak na lupain, kami'y pobreng quintos lamang sa lupang pag-aari ng iba. Dulo't dulo ang agwat ng ating pamumuhay.

*Mapapalingon si Pepe sa asawa mula sa pagkakayuko. Tatangkain ni Pepe na tumayo at lumapit sa asawa, subalit mag-aalangan...muling mapapaupo sa lupa sa patuloy na paglalahad ni Monang.*

MONANG: Ganunpaman, ang kamusmusan natin ang naging daan upang maging magkaugnay ang ating tuwa. Naging paraiso ng malaya nating paghalakhak ang malawak na bukirin dito sa Dupay.

*Bahagyang mapapangiti si Pepe.Tatayo mula sa pagkakaupo. Lilingunin ni Monang si Pepe.*

MONANG: Bukirin ng Dupay lamang ang mundo ko noon. Hindi pa sana ako makakarating sa kabayanan kung 'di dahil sa 'yo…

*Muling babalik si Monang sa kanyang pagbabalik-tanaw.*

MONANG: Ikaw ang unang tagay ng aking pagdadalaga. Natatandaan mo pa, Pepe? Magdidilim na noon. Pinadiklap natin ang mga kayakas. Lango na ang lahat sa kaligayahan. Tanging ang saliw na lamang ng gitara ang maririnig…

*Dahan-dahang kukulimlim ang entablado. Maririnig ang solong gitara ng isang kundiman. Iaabot ni Monang ang kanyang kamay sa asawa. Lalakad patungo kay Monang...aabutin ni Pepe ang kamay ng asawa. (Mawawala ang ilaw sa entablado maliban sa isolated na ilaw na tatanglaw sa pagsasayaw nina Monang at Pepe.) Igigiya ni Monang ang mga kamay ni Pepe sa kanyang bewang, 'pagkuwa'y ipapatong niya ang kamay sa balikat ng asawa. Magsasayaw ang mag-asawa sa saliw ng balitaw. May panakanakang paghaplos sa kapuwa mukha—tila sinusugid ang muwang sa hilatsa ng minamahal. Matutuloy sa pagyakap ang pagsasayaw, mahigpit, pagkuwa'y muling babalik sa luwag ng muling pag-imbay, pakanan, pakaliwa—ang kapuwa nila titig ay para lamang sa isa't isa.*

MONANG: Pepe, ikaw ang tuwa ng aking kabataan, at ang sayaw ng aking pagdadalaga.

*Hahagkan ni Pepe si Monang sa labi—(magiging hudyat ito ng sabay na pag-iral ng dalawang reyalidad: ang patuloy na pag-iral ni Monang sa isipan ni Pepe habang sumasayaw, at ang pagpapaalam ni Monang kay Pepe). Dahan-dahan, isang paalam, lalayo si Monang kay Pepe. Samantala, patuloy pa rin ang pag-imbay ni Pepe na tila kasayaw at nakatitig pa rin kay Monang. Kakausapin ni Monang ang mga manonood.*

MONANG: Ngunit babae ako at may iba pang pagnanais. Kung nakalaan man ang bisig ng minamahal sa pagyakap, nararapat ding ilaan ito sa pakikibaka laban sa sinumang panganib na sasagka sa tunay na laya ng pag-ibig.

*Muling lilingunin ni Monang ang patuloy na umiimbay na si Pepe .*

MONANG: Paalam aking mahal…

*Mapapaluha si Monang. Umiiyak s'yang tatalima sa paglisan. Maya-maya pa'y tila maaalimpungatan si Pepe mula sa isang kahibangan—(wala na si Monang.)*

PEPE: Monang?

*Muling magbabago ang ilaw sa entablado, tanda ng pagbabalik sa kasalukuyan. Iuuli ni Pepe ang tingin sa paligid. Maririnig ang huni ng kuliglig at ang panaka-nakang kokak ng mga palaka. Gabi na. Titingala si Pepe upang pagmasdan ang buwan. May kukunin s'yang nakatuping papel—isang liham. Tatangkain n'yang buklatin, subalit hindi n'ya itutuloy. Mapapatda si Pepeng pagmamasdan ang liham…*

PEPE: (*Sa mga manonood.*) Isang liham na lamang ang nagpabatid ng kanyang naging paglisan. Ang sabi niya'y kinailangan n'yang

sumama sa hukbo ni Heneral Malvar. Hindi ko na raw s'ya mapipigilan.

*Kukuyumusin ni Pepe ang liham, 'pagkuwa'y bibitiwan n'ya ito. Mapapabuntong-hininga…mapapadukmo…mapapaupo si Pepe, pagkuwa'y ang pagbunghalit na kinikimkim na sama ng loob*—

PEPE: Anong klase akong padre de pamilya na hindi naipaglaban ang nais na mangyari?!

*Muling mapapatayo si Pepe.*

PEPE: (*Susumbatan ang sarili.)* Walang saysay ang aking mga salita, wala akong nagawa sa kanyang pag-alis! Ni hindi ko s'ya nagawang pigilan noong gabing 'yon! (*Kagyat na magkakaroon ng kalituhan.)* Kung bakit gano'n, kung bakit gano'ng ang lahat ng kanyang mga sinabi'y mga katagang sumisigaw sa aking mga ugat. *(Patlang.)* Oo, nagkunwari akong balewalain ang lahat, subalit ang kanyang mga pagpapaunawa'y hindi na nasangga ng aking mga paliwanag. Para bang ang lahat ng mga sinabi ko'y palasong ako ang tumudla, subalit, sa saan mang pag-umang ay bumabalik sa aking dibdib.

*Mapapatungo si Pepe sa panlulumo. Maya-maya pa'y muling mapapatunghay si Pepe sa mga manonood. Kakausapin ang mga manonood*—

PEPE: Ngunit makapangyarihan ang mga Amerikano sa anumang larangan. Maging ang pamumuno ng mga Kastilang naghari sa atin sa loob tatlong daang taon ay kanilang binili sa halagang

dalawampu't tatlong milyong dolyares. Makapangyarihan sila… napakamakapangyarihan.

*Mapapatda si Pepe sa kanyang sinabi. Maririnig ang huni ng kuwago.Magbabago ang kulay ng ilaw sa entablado. Makikita sa kanyang mukha ang kagyat na pagdalaw ng pangamba. Tatalima si Pepe sa tuod na kahoy. Mauupo siya roon at pagmamasdang nagaganap ang iniisip n'yang pangamba:*

*Darating si Monang—may hawak na riple. Lilingon-lingon sa paligid. Tinitiyak kung may taong nakasunod sa kanya. Mga ilang sandali pa, itinuon naman n'ya ang pagtingin sa lupa niyang iniigbahan.Ibababa niya sa lupa ang kanyang riple. Makikita sa mukha ni Monang ang pangungulila. Mapapaupo sa lupa si Monang. Dadakot siya ng lupa. Ilang sandali n'yang pagmamasdan ang kuyom ng lupa. Dahan-dahan n'yang bubuksan ang kanyang palad. Mapapaluha si Monang. Lalakas pa ang paghuni ng kuwago. Darating ang isang dayuhang nakasuot ng Amerikana—ang Kano—nakaitim na blazer, itim na pantalon, itim na sumbrerong mala-Abraham Lincoln at nakapanloob na puting long sleeves. May suot siyang maskarang puti. Pupunta ito sa may likuran ni Monang. Hahagilapin ng Kano ang kamay na may lupa ni Monang. Iwawasiwas ng Kano ang kamay ni Monang upang mahulog ang lupa sa kanyang kamay. Manlalaban si Monang—makakawala si Monang sa pagkakahawak ng Kano. Tatalima si Monang upang hagilapin ang kanyang riple, subalit mauunahan s'ya ng Kano. Sisipain ng Kano ang riple palayo kay Monang. Huhugutin ni Monang ang kanyang punyal. Hahalihawin n'ya ng unday ang dayuhan. Masasalag ito ng dayuhan . Sa mahigpit na pagpisil ng dayuhan sa pulsuhan ni Monang'y mabibitawan niya ang punyal. Susuntukin ng dayuhan*

*si Monang sa sikmura—mapapaluhod at tuloy babagsak sa lupa. Mababanaag sa mukha ni Pepe ang labis na awa sa asawa. Iikutan ng dayuhan si Monang na tila asong nagtatakda ng teritoryo—isang panunudyo—na para bang "anong laban mo sa aking lakas?" Sa ilan pang rotasyon ng pag-ikot na dayuhan ay nakatalikod itong titigil sa harapan ni Monang. Iihian n'ya si Monang. Huhubarin ng dayuhan ang kanyang blazer—ilalapag ito sa lupa—tatambad ang larawan ng bandila ng Amerika sa mga manonood. Magpipilit na bumangon si Monang at manlalaban, subalit muli itong susuntukin at itutulak ng dayuhan pabalik sa lupa. Mangiginig-nginig pa ang Kanong matatapos sa kanyang pag-ihi. Itataas n'ya ang zipper ng kanyang pantalon. Haharap ang humahalakhak na dayuhan sa mga manonood, habang sa kanyang likura'y gumagapang si Monang sa sakit. Hahagilapin ni Monang ang kanyang punyal. Aamba ng pagsaksak ni Monang sa hita ng Kano, subalit mauunahan s'yang masampiga ng Kano. Titilapon si Monang. Babangon muli si Monang. Mahigpit ang kapit n'ya sa punyal. Dadamputin ng Kano ang riple sa lupa at itututok kay Monang. Tila duwelong maghaharap ang Kano at si Monang. Maglalaho ang ilaw sa entablado. Maririnig ang huling huni ng kuwago sa karimlan. Matutunghayan si Pepe sa muling pagbuhay ng ilaw sa entablado. Nakatayo—*

PEPE: Makapangyarihan sila, Monang…

*Tatalima si Pepe sa lupang igbahan. Pagmamasdan n'ya ang igbahan. Tatayungko si Pepe. Hahagilap ng maliit na haba ng kahoy o siit sa lupa, 'pagkuwa'y tila paglalaruan ito. At, Matitigilan. Muling tutunghay si Pepe sa mga manonood.*

PEPE: Isang gabi, sa aking daan papauwi'y nakasalubong ko ang mga nagpapatrulyang Amerikano. May kasama silang opisyal at isa

pang giya na taga-kapitolyo na nakatira rin sa Dupay. Nakilala ako nung taga-kapitolyo, at niyaya akong samahan siya sa pakikipag-inom sa kanilang bahay. Nagpaunlak ako. Hindi ako gaanong makasabat sa usapan, sapagkat hindi ako gaanong nakapagsasalita ng Ingles. Nakinig lamang ako, tumagay. Sa gitna ng mga halakhakan nila'y pasikdo-sikdo ang aking kalungkutan. Panaka-naka ay sinasabi ng giya ang ibig sabihin ng ilang salita ng mga Amerikano na hindi ko mahagip. (*Mapapailing.)* Masiba sa lambanog ang mga dayuhan. Ayaw nila ng tagay-tagay, dahil baka raw sila mahawa sa kung anumang sakit na meron kami. Nag-tig-iisang bote sila ng lambanog. Nilaklak nila ito. Maya-maya pa'y paitaas na nagpaputok ng baril ang opisyal na Amerikano. Halakhakan ang naging tugon ng mga sundalo. Tinutukan ng baril ng opisyal ang giyang may-ari ng bahay, at inutusang humalakhak din kasabay nila. Nabigla, ngunit humalakhak ang giya. Tututukan pa sana ako ng baril, subalit pinigil na ito ng giya. Sinabi niyang hindi ako marunong makaunawa ng Ingles. At lalo pa silang nagtawanan.

*Tatayo mula sa pagkakatayungko si Pepe at itatapon ang pinaglalaruang siit.*

PEPE: Walang puwang ang katahimikan sa mga lasing na Amerikano. Ayon sa salin ng giya, sana'y maging inspirasyon kaming mga pumanig na sa kanila, para hikayatin ang taumbayan na huwag

nang lumaban sa gobyerno ng Amerika. Hindi na raw nila kami tatawaging "nigger" o "savage".

*Hahakbang si Pepe sa patungo sa mga manonood.*

PEPE: Sa pandinig ko'y tila palaging nagtuturo ang salitang Ingles.

*Papasok ng entablado ang Kano.*

PEPE: Parang palaging mahalaga ang sinasabi. Nagawa raw ng Amerika ang pagsakop sa Pilipinas, dahil isang umaga'y nagising ang kanilang pangulo at nagsalita sa kanyang panaginip. Ibinilin daw sa kanya ng Diyos na ilagay sa kaayusan ang Pilipinas...

*Kakaway sa mga manonood ang maskaradong Amerikano.*

KANO: My dear Philippines, the beauty of the east. Please accept our gift— benevolent assimilation, that is.

PEPE: Nakatulog sa kalasingan ang giya, subalit patuloy pa rin sa nagmamalaking pagsasalita ang opisyal na Amerikano. At bigla-bigla, ang paparoo't paparito kong kalungkutan ay nagkaroon ng saysay, nang magsalita ang sigalot namin ni Monang sa aking didbib. Tibok itong tumugon sa bawat sinabi ng Amerikano.

*Papasok si Monang mula sa kaliwang bahagi ng entablado. Nakasuot ng ternong kulay pastel na kayumanggi at kulay langit-asul na baro't saya. Nakaharap s'ya sa manonood, ngunit patungkol ang pagpapaliwanag kay Pepe.*

MONANG: Kailangan mong malaman ito, Pepe, dahil kung hindi'y patuloy na kakalat ang lason sa ugat ng iyong pagkahirati sa mga Amerikano.

KANO: *(Duduruin ang manonood.)* You should agree to the benevolent assimilation. People who sympathize with and support the guerillas will be subjected to the following terms: villages will be burned, and they will starve until they become savages as they really are.

MONANG: Para sa iyo pang kaalaman, masahol pa sa hayop ang turing ng mga dayuhang ito sa ating mga kababayan sa loob ng mga garison. Hindi sila pinapakain. Nilalagyan nila ng lason ang lahat ng balon ng tubig. At ayon pa sa isang nakatakas, sa loob ng tatlong buwan ng mga kahayupang ito'y mistulang mga gutom na daga ang ating mga kababayan. Minsan silang hinahagisan ng pagkain upang mag-agawan…magpatayan, habang libang na libang na pinapanood ng mga sundalong Amerikano.

KANO: I'm now telling you, that such order can be dispensed if you are not going to comply—General Smith said so, kill anyone above ten years of age.

MONANG: Sa Sorsogon, dalawang libong kalalakihan sa grupo nilang tigdadalawampu ang pinaghukay ng lupa, para mabatid lamang, habang isa-isa silang binabaril sa ulo, na ang hukay na kanilang ginawa ay ang kanilang libingan.

PEPE: (*Sa mga manonood.)* Batid kong nakabuhol ang aking desisyon sa lubid ng isang katotohanan.

*Muli lilingunin ni Pepe ang magsasalitang Kano.*

KANO: I'm telling you that the severest of punishment will be employed to those who are against us!

PEPE: Kakalagin ko ba ang tali, o pananatihing nakabuhol?

*Muli lilingunin ni Pepe si Monang.*

MONANG: Hindi ba dapat matutong maging marahas ang mga inaabuso katulad ng mga kababayan natin sa Balangiga, Samar? Ikinukulong silang siksikan sa isang kural tuwing gabi, at hinahayaan sila roong matulog nang nakatayo habang umuulan. Kaya't isang umaga'y nilusob ng mga tauhan ni Heneral Lukban ang kampo ng mga dayuhan at pinagtataga…pinagpupugutan sila ng ulo.

KANO: The severest of punishment to those people whose character are deceitful; who are absolutely hostile to the white race; and who regard life as of little value. We are calling this act as our protective retribution: Kill and burn, kill and burn!

*Tila makikita ni Pepe sa mga manonood ang sinasabi ni Monang at ng Kano.*

MONANG: Sinusunog nila ang lahat ng bahay na madaraanan ng kanilang hukbo upang anila'y hindi na sila mahirapang mapalabas ang mga daga sa kanilang lungga.

*May kukunin sa bulsa ang Kano—isang tabako—sisindihan niya ito. Mapapatda si Pepe sa "nakikita".*

MONANG: Ngunit ayon sa isang nakaligtas na saksi, isang ina na may pinapasusong sanggol, at isa pa n'yang supling na musmos ang hindi lumabas sa kanilang nasusunog na bahay. Mga abo silang

magkakayakap paghupa ng apoy. (*Patlang.*) Mas pinili pa nilang masunog, kesa isuko ang kanilang takot sa mga dayuhan.

*Tatalima…lalapit…kakausapin ng Kano si Pepe na napatda sa mga manonood*

KANO: Of course, this protective retribution has been conducted and will be conducted with marked humanity and magnanimity in the part of the U.S. Unexampled patience was exercised in the treatment of these savages.

*Tatalima…kakausapin din ni Monang si Pepe—makikiusap.*

MONANG: At ngayon nga, Pepe, naririto na sa atin ang ganitong uri ng kawalanghiyaan. Kayrami nang dinadakip dito sa atin, kahit ang mga napaghihinalaan pa lamang ay ipinoproklamang kalaban.

KANO: That anywhere in the country, such policy shall persist, such policyshall rule. That if, I'm telling you, that if the entire population is hostile at heart, they will surely be trashed!

MONANG: Wala silang patawad, Pepe. Sundalo man o sibilyang pinaghihinalaan ay dinadakip at pinapatay. Samantalang ang mga hindi pa pinaghihinalaan ay pinapaamin sa pamamagitan ng paglalagay ng telang bulak sa kanilang mukha habang binubuhusan ng tubig sa bahaging ilong at bibig. Ngunit anong aaminin ng mga wala pang alam? Napupuwersa silang tumuro ng kahit sinong inosente sa labis na pahirap.

*Bubugahan ng Kano si Pepe ng usok ng kanyang tabako.*

KANO: But this country shall be blessed, if then, the whole nation submits to the United States of America's greatness in heart and in soul!

MONANG: Pepe, hindi tayo naiiba sa mga nabanggit kong pinagmalupitan ng mga Amerikano, sapagkat dito sa atin sa Timog Katagalugan, mahigit isandaang libo nating mga kababayan ang walang awa nilang pinatay.

*Tulalang papatak ang luha ni Pepe sa "nakikita".*

MONANG: At ikinakahiya ko,Pepe, ikinakahiya ko na dito sa ating lalawigan, ang tumutugis sa mga nakikibaka para sa ating bayan, ay ang mga kababayan nating konstable na naatasan ng gobyerno ng Amerika. Salamat sa pagbisita ng nagngangalang Howard Taft, at ang mga tao sa ating lalawigan ay tila ginayuma upang mapasunod at yumuko sa anumang sasabihin ng gobernador sibil, kahit pa nga ba ito ay ang mangagahulugan ng pagpapahirap, pagsunog at pagpatay sa 'di makataong pamamaraan sa sarili nilang kababayan. At para saan? Para manatiling malinis ang ating pagtingin sa mga Amerikano sa mga kahayupang ito!

*Duduruin ng Kano si Monang. Walang takot na haharapin ni Monang ang dayuhan.*

KANO: Greatness is deeply imbedded in my veins!

*Duduruin din ni Monang ang dayuhan.*

MONANG: Walang katulad ang kanilang kawalanghiyaan!

*Muling tatalima ang Kano kay Pepe. Tatalima rin si Monang kay Pepe—sa kanyang mukha'y makikita ang pahayag—"huwag kang makikinig sa kanya".*

KANO: Don't you ever let go of your destiny. Such pride to be like me; to think and succeed like me…to even sing and be merry like me. I am your measurement to the world, my dearest little brown Americans.

*Muling bubugahan ng usok ng tabako ng Kano si Pepe, 'pagkuwa'y humahalakhak itong tatalima palabas ng entablado. Maingat na hahaplusin ni Monang ang natulalang mukha ni Pepe.*

MONANG: Nalalaman kong marami na ang yumuko nating mga kababayan sa mga Amerikano. Maaaring dahil nasanay na sila pagkaalipin, o napagod na sa pakikibaka. Ngunit ang hinahanap mong paliwanag ay nananalaytay sa 'yong dugo. Ang hinahanap mong katotohanan ay nasa kulay ng 'yong balat at nasa timyas ng mga katagang iyong sinasalita. Iyan ang tunay na hangganan ng ating katotohanan.

*Tatalima si Monang papalabas ng entablado. Tila hahabulin ng tawag ni Pepe si Monang sa mga manonood.*

PEPE: Monang? (*Patlang.)* Nagdulot ng sugat ang mga panahong wala ka sa aking tabi. Nagdulot ito ng laksa-laksang kirot na dahan-dahang nagpabalikwas sa aking diwa.(*Isang epipanya.)* Oo, Monang, ang mga kababayan natin ay inaapi ng mga dayuhan sa sarili nating bayan—sinisikil, dinudusta, inaalipin, pinagsasamantalahan ang kahinaan.

*Tatalima si Pepe papunta sa kanyang bayong sa may tabi ng tuod na kahoy. Pagmamasdan n'ya ito, 'pagkuwa'y—sa manonood—*

PEPE: Sumuko si Heneral Malvar ng nagdaang Abril upang matigil na ang kalagiman sa garison. May mga ilan na nasa kanyang pamumuno ang nagpatuloy sa pakikibaka, subalit kagabi'y nasabat sila ng mga konstable ng gobyerno sa bayan ng Sampaloc. Itinulak ako ng aking kaba paparoon. *(Patlang.)* Nakahanay sa may patio ang pitong bangkay na lulan ng mga paragos.*(Patlang.)* Kabilang sa mga nasawi ang ama ng mga batang naririto kanina...

*Maririnig ang paparating na tinig ng isang batang umiiyak at binatilyong pinagsasabihan ang kapatid. Mapapalingon si Pepe sa pinanggagalingan ng mga tinig.*

BINATILYO: Hindi na natin matatagpuan ang saranggola. Madilim na!

BATA: Saranggola natin 'yon, Kuya, pinaghirapan nating gawin…

*Mula sa Ilaya, papasok ng entablado ang dalawa. Mauuna ang bata, umiiyak s'yang lulupagi sa unahang bahagi ng entablado. Kasunod ang binatilyo na pasan ang balagwit na may tubig. Madidismaya ang binatilyo sa paglupagi ng bata. Ilalapag ng binatilyo ang balagwit n'yang tubig.*

BINATILYO: Tumayo ka d'yan! Tayô!

*Makikiusap ang bata sa binatilyo at magtatangkang pigilin ang pag-iyak.*

BATA: Kuya, hanapin natin…

*Mapapalingon ang binatilyo kay Pepe na nagmamasid sa kanila.*

BINATILYO: Paumanhin po, Mang Pepe, kung ngalngal pong hindi matanggap ni Utoy ang pagkawala ng aming saranggola.

BATA: (*Makikiusap pa rin.)* Kuya, ang ating saranggola…

*Umiiyak na isusubsob ng bata ang kanyang mukha sa kanyang tuhod.Kakamot-kamot sa ulong hindi malaman ng binatilyo kung paano aaluin ang kapatid.*

BATA: (*Makikiusap sa mga manonood.)* Kung maari po sana, kung maaari po, sa mga makakakita sa aming saranggola, ibalik po ninyo sa amin.

*Dadamputin ni Pepe ang kanyang bayong. Muling haharap sa mga manonood si Pepe. Makikipag-usap sa kawalan.*

PEPE: Monang, ilang linggo na akong hindi pumapasok sa kapitolyo. Masama ang loob sa akin si Tatay. Bakit ko raw isinuko ang trabaho ko sa kapitolyo na kanyang pinaghirapang suyuin sa gobernador sibil para lang mapasaakin? Ang sabi ko'y nagdesisyon na po ako, Tatay, para sa aking pamilya. (*Patlang.)* Para sa ating pamilya, Monang. Iigbaha't pagyayamanin natin ang ating sariling lupa.

BATA: (*Sa mga manonood.)* Nais po naming makita ni Tatang ang ginawa naming saranggola. Nais po naming makita ni Tatang ang mataas at malayang paglipad ng aming saranggola.

*Muling hahakbang si Pepe patungo sa lupang igbahan. Ilalapag niya ang kanyang bayong sa lupa.*

PEPE: Katotohanang nalantad sa aking paningin.

*Lilinguning muli ni Pepe ang magkapatid.*

PEPE: Ang bangkay ng kanilang ama.

*'Pagkuwa'y sa mga manonood.*

PEPE: Naroroon din ang aking si Monang … duguan...walang na ring buhay.

*Ang pagkatulala ni Pepe ay pagtitig sa pinakaubod ng katotohanan.*

BATA: (*Sa mga manonood.)* Pakiusap pong ibalik n'yo sa amin ang aming saranggola…

*Huhugot ng malalim na hininga ang binatilyo. Nakatayungkong tatabihan ng binatilyo ang bata. Samantala, makikita sa mukha ni Pepe na naroroon s'ya sa lunan ng kanyang mga sinasabi.*

PEPE: Tila naglaho ang lupang aking hahakbangan patungo sa 'yo. Sa loob ng aking isip, nagsasalita… Paano kung sa aking mga mahal sa buhay mangyari ito?

*Tatapikin ng binatilyo ang bata sa balikat.*

BINATILYO: Utoy, halika na, umuwi na tayo.

*Lilingon ang bata sa binatilyo.*

BATA: Pero, Kuya…

PEPE: Kahit pa nagluluksa'y walang maaaring makalapit na kaanak ng mga namatay. Mahigpit itong utos ng Tinyenteng namatayan ng mga sundalong Amerikano na kagagawan daw ng mga gerilya.

*Kagyat na papayapain ng binatilyo sa pamamagitan ng paghagod sa likod ang umiiyak na bata.*

BINATILYO: Utoy, ginawa na natin ang lahat. Kapag wala na, wala na…wala na tayong magagawa!

*Sa lupa ng igba, tila makikita ni Pepe ang bangkay ng kanyang asawang si Monang. Mapapaluha si Pepe. Muling tutunghay sa mga manonood. Pagmamasdan ni Pepe ang kanyang mga braso.*

PEPE: Ngunit maging langit ay dudustain ng mga brasong ito sa higpit ng pagyakap sa yumaong minamahal. Hindi magpapaubaya, maging sa kabilang buhay.

*Mapapatayo ang bata na tila pagsasabihan ang kuya.*

BATA: Ganon na lang 'yon Kuya? Papayag na lang tayo na wala na ang saranggola?

BINATA: ( *Mapipikon.*) Ano bang gusto mo?!

*Muling mapapaupo ang bata, hihikbi, at muling mapapasubsob sa tuhod. Mapapaluhod si Pepe.*

PEPE: Walang nakapigil, naging dagat ng humahangos na agunyas ang patio. (*Patlang.)* Pinagbabayo kami ng puluhan ng baril ng mga konstable at Amerikano habang yakap-yakap ang aming mga yumao. Nakita ko ang karimlan…

*Maririnig ang huni ng kuwago.*

PEPE: Mga hayop sila...mga hayop. (*Patlang.)* Inutusan ng Tinyente ang mga sundalong Amerikano na buksan ang dibdib ng mga bangkay, habang pigil-pigil kami ng mga kababayang konstable. (*Patlang.)* Kinuha nila ang puso ng aming mga yumao…inilagak sa aming harapan…

*Tila may pagmamasdan papalayo si Pepe.*

PEPE: Nilamon ng aming pagkatulala ang papaalis na paragos, lulan ang aming mga yumao.

*Tatayo ang binatilyo at iaabot ang kamay sa kapatid upang yakagin itong tumayo. Kaalinsabay na iaabot din ni Pepe ang kanyang kamay sa kawalan.*

BINATILYO: Gagawa tayo ng panibagong saranggola.

BATA: (*Kislap ng pag-asa.)* Talaga Kuya?

BINATILYO: Titibayan natin ang pagkakayari ng saranggola. Unos mang magpa-alagwa sa paglipad nito'y hindi mapipigil ang muling paglipad. Pipintahan din natin ang ating saranggola katulad ng saranggolang pumatid ng ating saranggola.

BATA: *(Habang pinapahid ang luha.)* Anong ipipinta natin?

BINATILYO: (*May kasiguruhan.)* Ang watawat ng Pilipinas.

BATA: (*Sisillay ang ngiti.)* Maganda 'yan, Kuya. Napakaganda…

BINATILYO: Paliliparin natin bukas ang ating saranggola. Nasisiguro kong muling magdaraan ang saranggolang naghari-harian sa ating langit. *(Matiim.)* Papatirin natin ang tamsi… pababagsakin natin ang saranggolang Amerika.

BATA: (*May pagsang-ayon.)* Tama, Kuya. Tama!

*Habang inilalagay sa balikat ang balagwit—*

BINATILYO: Halika na. Baka nariyan na si Inang.

*Lilingunin ng bata si Pepe.*

BATA: Mang Pepe, gagawa po kami ng panibagong saranggola…

*Tila hindi maririnig ni Pepe ang sinabi ng bata. Tanda ng respeto sa kawalang-tugon ni Pepe, walang imik na igigiya ng binatilyo ang kapatid para sa tuluyan nilang pag-alis. Maririnig ang mabagal na tugtog ng balitaw. (ang s'yang musika sa sayaw nina Pepe at Monang.) Mapapaluha si Pepe. Huhugutin ni Pepe ang kanyang itak sa kaloban nito. Maghuhukay siya sa lupa. Bubuksan niya ang kanyang bayong. Kukunin n'ya ang puso ni Monang. Lalo pang mapapaluha si Pepe. Itatanghal niya ang puso sa buwan. Ilalagak ni Pepe ang puso sa hukay, 'pagkuwa'y tatabunan ng lupa. Mga ilang sandali pa'y tatayo si Pepe. Huhugutin n'ya ang kanyang itak sa sisidlan nito.*

PEPE: Susuhay ang iyong puso sa lupang ito, Monang. Paulit-ulit na isisilang ang 'yong mga anak na may pagmamahal sa kanyang sariling bayan.

*Muling papasok ang bata sa entablado—bumalik na tila may nais itanong kay Pepe. Ngunit mapapatda ang bata sa kinatatayuan. Magiging mahigpit ang kapit ni Pepe sa kanyang itak, habang nagmamasid sa malawak na bukirin ng nayon ng Dupay.*

PEPE: Mamumutawi sa aking bibig ang lahat ng 'yong mga nasabi.

*Kagyat na mapapatingala ang bata sa kalangitan. Hahanapin sa anag-ag ang lumilipad na saranggola.*

PEPE: Ikukuwento ko sa kanila ang ginawang kawalanghiyaan ng mga Amerikano sa ating bayan.

*Mapapalaki ang mata ng batang mababanaag ang aninong saranggola. Duduruin ng bata ang langit. Makikibakang itatanghal ni Pepe ang kanyang itak.*

BATA: Makikita mo,babagsak ka rin,babagsak ka rin!

*Lilingunin ni Pepe ang pinanggalingan ng tinig. Dahan-dahang magdidilim ang entablado.*

xxx